Gideon at ang 300 Kawal

(Mga Hukom 7)

Si Gideon ay isa sa mga naging hukom ng Israel. Hukom ang tawag sa itinatalaga ng Diyos na mga pinunong magliligtas sa mga Israelita mula sa kamay ng mga mananakop.

Binisita ng anghel ng Diyos si Gideon upang ipaaalam sa kanya na siya ang pinili ng Diyos upang iligtas ang mga Israelita sa pananakop ng mga Midianita. Sa simula, hindi makapaniwala si Gideon ngunit ang kanyang pagdududa ay nawala at siya ay napayapa nang patunayan ito sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda na hiniling niya.

Nagsimulang magtipon ng mga mandirigma si Gideon. Ang mga kalalakihan mula sa bawat lipi ng Israel ay sunod-sunod na tumugon sa tawag ni Gideon na makipaglaban sa mga Midianita. Matapos na magtipon si Gideon ng isang hukbo na may 32,000 na mga lalaki, sinabi sa kanya ng Diyos; "Sobrang dami ng mga tauhan mo para pagtagumpayin ko kayo laban sa mga Midianita. Baka akalain nilang sarili nila ang nakatalo sa mga Midianita at hindi dahil sa tulong Ko. Kaya sabihin mo sa kanila na ang lahat ng natatakot ay maaari ng umuwi."

Matapos ito sabihin ni Gideon sa mga kawal, umuwi ang 22,000 at natira ang 10,000. Sinabi muli ng Diyos na marami pa rin ang natira. Kaya't inutusan Niya si Gideon na dalhin sila sa tabi ng batis at doon sasabihin ng Diyos kung sino ang isasama ni Gideon. Pag dating sa batis sinabi ng Diyos sa kanya na painumin ang mga kawal. Ihihiwalay niya ang mga kawal na luluhod sa batis upang uminom at ang mga gumagamit ng kanilang kamay sa pagsalok ng tubig na umiinom na parang aso. Ang mga sasalok ng tubig gamit ang kamay upang uminom, ang tanging isasama ni Gideon. 300 lamang ang natira mula sa 10,000. Sa maliit ngunit determinadong hukbo na ito, naghandang lumaban si Gideon laban sa mga Midianita.

Noong gabing iyon, nagsalita ang Diyos kay Gideon at sinabi na pumunta siya sa kampo ng mga Midianita kasama ang iyong lingkod na si Purah at makinig sa kanilang sinasabi.

Kaya, bumaba si Gideon at ang kanyang lingkod na si Purah sa gilid ng kampo ng kaaway kung saan nakarinig sila ng isang Midianitang sundalo na nagkukwento ng kanyang panaginip sa kasamahan niya. Ang panaginip na ito ay nagpapakita ng tagumpay ng mga Israelita laban sa kanila.

Sinamba ni Gideon ang Diyos matapos marinig ito, at bumalik sa kanyang kampo na handang makipaglaban. Hinati niya ang kanyang mga kawal sa tatlong pangkat, at binigyan ang bawat isa ng trumpeta at isang sulo na nakatago sa loob ng isang palayok. Hinipan nila Gideon ang kanilang trumpeta, sumunod ang ibang mga pangkat. Binasag nila ang kanilang mga palayok, at sumigaw, "Isang tabak para sa Panginoon at para kay Gideon!"

Nagsisigawan at nagkanya-kanya ng takbuhan ang mga Midianita. Pinaglaban-laban ng Diyos ang mga nasa kampo habang ang iba naman ay tumakas palayo. Naging madali para kina Gideon at sa 300 kawal niya na mabihag at talunin ang mga Midianita. Muling niligtas ng Diyos ang Israel. Nagkaroon ng kapayapaan sa Israel sa loob ng apatnapung taon, habang nabubuhay si Gideon.

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC.
2015

Ang Diyos ay makapangyarihan at tapat sa Kanyang pangako. Ipinagkaloob ng Diyos ang tagumpay sa mga kamay ni Gideon at ng mga Israelita laban sa mga Midianita. Pinapakita ng kwento ni Gideon ang kahalagahan ng pagsunod, at pagtitiwala sa lakas na nagmumula sa Diyos at hindi sa kanilang sarili.